

Pagbuo ng Plano

Background

Bilang patnubay para sa mga panukala para sa multicultural coexistence, binuo ng Lungsod ng Nagoya ang Nagoya Multicultural Coexistence Promotion Plan noong 2012, na nagsilbing Plan I, at noong 2017, binuo ng lungsod ang Multicultural Coexistence Promotion Plan II, na nagsusulong ng mga panukala para sa multicultural coexistence alinsunod sa pangunahing layunin nito.

Mula nang mabuo ang Plan II, iba't ibang pangyayari ang naganap, halimbawa, pinagtibay ang “Act on Promotion of Japanese Language Education” (2019), binago ng Ministry of Internal Affairs and Communications sa unang pagkakataon sa loob ng 14 na taon ang “Plan for Promotion of Multicultural Coexistence in Local Communities” (2020), itinatag ang mga katayuan ng pagkaresidente na “Specified Skilled Worker (i) at (ii)”, at pinagtibay ang “Comprehensive Measures for Acceptance and Coexistence of Foreign Nationals” bilang mga komprehensibong pagsisikap na itaguyod ang pagtanggap at coexistence ng mga dayuhang mamamayan. Bukod pa rito, ang pandemya ng Covid-19 na nagsimula noong 2019 ay nakaapekto rin sa suporta ng at interaksyon sa mga dayuhang mamamayan, bukod sa iba pang isyu.

Upang makatugon sa mga nagbabagong panahong ito at maisulong pa ang mga panukala para sa multicultural coexistence, nagpasya kaming buuin ang Nagoya Multicultural Coexistence Promotion Plan III (na mula rito ay tutukuyin bilang "Plan III").

Talaan ng Nilalaman

Pagbuo ng Plano.....	1
Kasalukuyang Kalagayan ng Lungsod ng Nagoya.....	3
Pangunahing Layunin, Mga Patakarán para sa Mga Panukala, Sistema ng Pagsusulong.....	5
Sistema para sa Mga Panukala.....	6
Mga Priyoridad na Inisyatiba.....	7
Mga Detalye ng Mga Panukala.....	1 1
Pamamahala ng Progreso ng Plano.....	2 1
Mga Kasalukuyang Inisyatiba at Mga Kaugnay na Link.....	2 2

Paglalahad ng Posisyon

Ang Plan III ay isang indibidwal na plano na nagbibigay-linaw sa mga patakaran at layunin ng lungsod para sa pagtataguyod ng multicultural coexistence batay sa “Nagoya City Master Plan 2023.” Sa pagsusulong ng Plan III, nagsusumikap kaming iakma ang mga pagsisikap na nauugnay sa mga dayuhang mamamayan sa bawat isa sa iba pang indibidwal na plano ng lungsod at mga katulad nito, upang sumulong sa komprehensibo at sistematikong paraan ang mga ito, habang ipinapakita ang mga nangyari sa lungsod kaugnay ng direksiyong tinahak ng “Plan for Promotion of Multicultural Coexistence in Local Communities” (2020) na ipinanukala ng Ministry of Internal Affairs and Communications, gayundin ang “Act on Promotion of Japanese Language Education” (2019).

Nakaplanong Panahon

Ang nakaplanong panahon para sa Plan III ay limang taon mula sa piskal na taong 2022 hanggang sa piskal na taong 2026.

[Lipunang may multicultural coexistence]

“Isang lipunan kung saan ang mga taong may iba't ibang nasyonalidad at etnisidad ay kinikilala ang mga pagkakaiba-iba ng kultura ng isa't isa at sama-samang namumuhay nang masaya bilang mga miyembro ng lokal na komunidad habang bumubuo ng mga pantay-pantay na ugnayan.”

Mula sa *Ulat ng Pananaliksik sa Pagtataguyod ng Multicultural Coexistence* ng Ministry of Internal Affairs and Communications (Marso 2006)

[Mga Dayuhang Mamamayan]

Hindi lang ang mga dayuhang naninirahan sa lungsod ang kabilang dito, kundi pati na rin ang mga ipinanganak o lumaki sa ibang bansa, tulad ng mga naging mamamayang Hapon, mga batang bunga ng international marriage at iba pang katulad na gawain na may background sa kultura ng mga magulang nilang dayuhan.


Kapag tumutukoy lang sa mga taong naninirahan sa Nagoya na may dayuhang pagkamamamayan, sila ay tinutukoy bilang “mga dayuhang residente.”

Halimbawa: Mga istatistika sa mga dayuhang residente

Kasalukuyang Kalagayan ng Lungsod ng Nagoya


(Pinagmulan ng Datos) “Mga Istatistika tungkol sa Mga Dayuhang Residente ng Lungsod ng Nagoya” ng Lungsod ng Nagoya
Sa pagtatapos ng Disyembre ng bawat taon

- Mga Pagbabago sa Bilang at Ratio ng Mga Dayuhang Residente (ayon sa Nasyonalidad)




Ang datos mula sa 2014 at sa mga nauna pang taon ay batay sa survey na isinagawa ng Residents' Affairs Division, Civic and Economic Affairs Bureau, City of Nagoya (Populasyon ng Mga Dayuhan) at Statistics Division, General Affairs Bureau, City of Nagoya (Populasyon ng Lungsod)

- Ratio ng Mga Dayuhang Residente ayon sa Nasyonalidad (2020)




● **Ratio ng Mga Dayuhang Residente ayon sa Katayuan ng Pagkaresidente (2020)**



57.4% ang may katayuan ng pagkaresidente na malamang na maninirahan nang matagal, tulad ng “Permanenteng Residente,” “Espesyal na Permanenteng Residente,” “Asawa ng Hapon,” “Asawa ng Permanenteng Residente,” at “Pangmatagalang Residente.”

● **Bilang ng Mga Batang Dayuhang Residente**

Ang bilang ng mga batang may dayuhang nasyonalidad na 14 na taong gulang o mas bata ay 8,281, na tumaas nang 24.9% kumpara sa naitala limang taon na ang nakalipas.



Pangunahing Layunin

Lumikha ng lungsod ng Nagoya na may multicultural coexistence, kung saan ang mga taong may iba't ibang nasyonalidad at etnisidad ay tanggap ang isa't isa at masayang namumuhay nang sama-sama

Mga Patakaran para sa Mga Panukala

3 patakaran upang makamit ang pangunahing layunin

Patakaran para sa mga panukala I

Bumuo ng pundasyon para sa kabuhayan

Magsasagawa kami ng mga pagsisikap na maglagay ng mga pundasyon para sa kabuhayan upang bigyang-daan ang mga dayuhang mamamayan na nahaharap sa mga hadlang sa kanilang kabuhayan dahil sa hadlang sa wika o pagkakaiba sa kultura, sistema, at kaugalian, na magkaroon ng masasayang buhay.

Patakaran para sa mga panukala II

Bumuo ng mga komunidad na nauunawaan ang kahalagahan ng multicultural coexistence, kung saan maaaring lumahok ang kahit sino

Palalalimin namin ang pag-unawa sa multicultural coexistence upang makilala ng lahat ng mamamayan ang mga pangunahing karapatang pantao at pagkakaiba ng kultura ng bawat isa, at magsisikap din kaming bumuo ng isang lipunang pinahalagahan ang dibersidad kung saan maaaring lumahok ang kahit sino.

Patakaran para sa mga panukala III

Buhayin at gawing global ang Nagoya sa pamamagitan ng dibersidad

Ang mga dayuhang mamamayan at mamamayang Hapon ay sama-samang magsisikap at magtutulungan, gamit ang mga pananaw at dibersidad ng mga dayuhan, upang muling pasiglahin at gawing global ang Nagoya.

Sistema ng Pagsusulong

■ Sistema ng pagsusulong sa loob ng pamahalaan

Malapit kaming nakikipagtulungan sa mga kaugnay na ahensya na nakasentro sa mga komite sa buong munisipalidad, tulad ng pag-aayos ng mga oportunidad para sa mga indibidwal na talakayan tungkol sa mga isyu na partikular sa larangan upang isulong ang mga panukala.

■ Pakikipagtulungan sa mga kaugnay na organisasyon at komunidad

Upang isulong ang mga panukala, nakikipagtulungan kami sa bansa, Aichi Prefecture, NPO, mga boluntaryo, negosyo, embahada at konsulado, lokal na komunidad, atbp., kung saan ang Nagoya International Center ang batayan para sa pagtataguyod ng internasyonalisasyon ng komunidad.

Sistema para sa Mga Panukala

Sistema para ipakita ng mga panukala ang pangunahing layunin at mga patakaran sa mga panukala

Pangunahing Layunin

Lumikha ng lungsod ng Nagoya na may multicultural coexistence, kung saan ang mga taong may iba't ibang nasyonalidad at etnisidad ay tanggap ang isa't isa at masayang namumuhay nang sama-sama

Patakaran para sa mga panukala I

Bumuo ng pundasyon para sa kabuhatan

Pangunahing panukala 1	Magbigay ng impormasyon sa komunidad sa maraming wika (gumamit ng ICT)
Pangunahing panukala 2	Isulong ang edukasyon sa wikang Hapon
Pangunahing panukala 3	Edukasyon
Pangunahing panukala 4	Mga serbisyo para sa kalusugan/pangangalagang medikal/kapakanan
Pangunahing panukala 5	Magtaguyod ng maayos na kapaligiran sa pagtatrabaho
Pangunahing panukala 6	Pagkaresidente
Pangunahing panukala 7	Bumuo ng mga sistema upang makapaghanda para sa mga sakuna, pagkalat ng impeksyon, atbp.

Prioridad na panukala

Prioridad na panukala

Patakaran para sa mga panukala II

Bumuo ng mga komunidad na nauunawaan ang kahalagahan ng multicultural coexistence, kung saan maaaring lumahok ang kahit sino

Pangunahing panukala 1	Itaguyod ang pakikilahok ng mga dayuhang mamamayan sa komunidad
Pangunahing panukala 2	Lumikha ng mga oportunidad para sa interaksyon
Pangunahing panukala 3	Ipaalam sa mas maraming tao ang multicultural coexistence

Prioridad na panukala

Patakaran para sa mga panukala III

Muling pasiglahin at gawing global ang Nagoya sa pamamagitan ng dibersidad

Pangunahing panukala 1	Muling pasiglahin ang lungsod sa pamamagitan ng mga aktibong papel ng mga dayuhang mamamayan
Pangunahing panukala 2	Lumikha ng kapaligirang bukas sa mga internasyonal na estudyante
Pangunahing panukala 3	Tumugon sa globalisasyon at magsanay ng pandaigdigang human resources

Prioridad na panukala

Mga Priyoridad na Inisyatiba

4 na pangunahing panukala na tututukan sa Plan III

Magbigay ng impormasyon sa komunidad sa maraming wika (gumamit ng ICT)

Upang malutas ang isyu ng wika, na siyang pinakamahalagang aspeto ng paghahanda ng pundasyon ng kabuhayan, magsusumikap kaming magtatag ng general information counter para sa dayuhan sa mga ward office sa mga lugar na may malaking bilang ng mga dayuhang mamamayan, atbp.

Pagpapahusay ng mga serbisyo ng impormasyon para sa mga dayuhan sa mga ward office, atbp.

Pag-iisipan naming magtatag ng general counter sa mga ward office sa mga lugar na may malaking bilang ng mga dayuhang residente, atbp.

Ang Naka Ward, na may pinakamataas na ratio ng mga dayuhang residente sa lungsod, ay nanguna sa pagbibigay ng serbisyong “foreign concierge” mula Hulyo 2020.

Nagbibigay kami ng suporta sa maraming wika!

<Naka Ward Office Foreigner Concierge>

- Impormasyon sa counter at suporta ng interpreter sa mga ward office
- Sinusuportahan sa Chinese, Nepali, Vietnamese, at Filipino para sa bawat araw ng linggo.
- Pagbabahagi ng impormasyon sa pamamagitan ng social media, atbp.



Naka Ward Office Foreigner Concierge



João Ricardo Costa

Nagtatrabaho ako bilang interpreter sa Lungsod ng Nagoya.

Bilang isang dayuhan, nais kong magtaguyod ng multicultural coexistence kung saan ang mga dayuhan ay hindi lang matutulungan at masusuportahan ng ibang tao sa lipunang Hapon, kundi, makakapagkaloob din ng tulong at suporta sa iba. Kasabay nito, sa palagay ko ay mahalagang matutunan ng mga dayuhan mismo ang kulturang Hapon at ang wikang Hapon. Malaki ang inaasahan ko para sa pagbibigay ng impormasyon at patnubay sa maraming wika sa mga ward office, dahil mahalaga ang mga ito para sa mga nangangailangan ng impormasyon at suporta upang makamit ang impormasyong kailangan nila.

Isulong ang edukasyon sa wikang Hapon

Upang matulungan ang mga dayuhang residente na magkaroon ng kasanayan sa wikang Hapon na kinakailangan sa pang-araw-araw na buhay at upang mapadali ang kanilang buhay sa komunidad, gagawa kami ng pangmatagalang sistema ng edukasyon sa wikang Hapon na naaangkop sa mga lokal na kalagayan. Magsasagawa kami ng mga klase sa wikang Hapon na gumagamit ng online na pag-aaral at magpapatakbo kami ng isang search site para sa mga klase. Magbibigay din kami ng mga bagong espasyo at oportunidad sa pag-aaral sa tulong ng iba't ibang aktor.

Paggawa ng isang lokal na sistema ng edukasyon sa wikang Hapon

Gagawa kami ng pangmatagalang sistema ng edukasyon sa wikang Hapon na naaangkop sa mga lokal na kalagayan.

Noong FY2019, binuo namin ang “Diskarte sa Pagsusulong ng Lokal na Edukasyon sa Wikang Hapon sa Lungsod ng Nagoya,” at isinasagawa namin ang bawat isa sa mga inisyatiba mula FY2020.

Paghahanda para sa mga online na klase sa wikang Hapon



Online na pagsasanay para sa klase sa wikang Hapon

○ Mga online na klase sa wikang Hapon

FY2020 Magbigay ng pagsasanay para sa mga klase sa wikang Hapon upang matutunan kung paano gamitin ang online na sistema.

Mula FY2021 Magbigay ng mga online na lokal na klase sa wikang Hapon

- Magpadala ng mga intern sa mga lokal na klase sa wikang Hapon, atbp.
- Bumuo ng sistema para sa mga layunin tulad ng paghahanap ng mga lokal na klase sa wikang Hapon
- Magsagawa ng mga outreach program at programa para sa kamalayan, atbp.



Virgie Ishihara

Itinatag ko ang Filipino Migrants Center noong 2000 at mula noon ay tinutulungan ko na ang mga Pilipino sa karahasan sa tahanan at iba pang problema sa pamilya, katayuan ng pagkaresidente, mga problema sa trabaho, at iba pang isyu. Nakakatanggap pa rin kami ng humigit-kumulang 10 konsultasyon sa isang araw, at nakikipagtulungan kami sa mga boluntaryo upang tumugon sa mga ito. Ang wikang Hapon ay napakahalaga sa pag-aaral tungkol sa Japan. Maaari kang humingi ng tulong kapag may problema ka, at maraming problema sa pamilya ang dulot ng hindi maayos na komunikasyon. Kung ang isang dayuhan ay marunong magsalita ng wikang Hapon, ito ay mabuti para sa dayuhan at sa lokal na komunidad. Gusto kong makakita ng higit pang oportunidad para sa pag-aaral ng wikang Hapon.

Ipaalam sa mas maraming tao ang multicultural coexistence


Upang mahikayat ang pag-unawa sa multicultural coexistence sa komunidad, na mahalaga upang aktibong makilahok sa komunidad ang mga dayuhang mamamayan, mas aktibong naming ipapaalam sa mas maraming tao ang multicultural coexistence sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga event, pagpapaskil ng mga poster, atbp.

Buwan ng Pagtataguyod ng Multicultural Coexistence

Taon-taong itinatalaga ng Lungsod ng Nagoya ang Agosto bilang "Buwan ng Pagtataguyod ng Multicultural Coexistence sa Lungsod ng Nagoya" upang mahikayat ang pag-unawa sa multicultural coexistence at upang itaguyod ang mga interaksyon sa pagitan ng mga Hapon at dayuhang mamamayan sa pamamagitan ng mga outreach activity at aktibidad sa kamalayan na nakatuon sa kanila.

Mga Proyekto sa FY2021 (Agosto)

- Buwan ng Pagtataguyod ng Multicultural Coexistence sa Lungsod ng Nagoya Symposium
- Pamamahagi ng pelikula sa kamalayan tungkol sa pagtataguyod ng multicultural coexistence
- Pagsasagawa ng mga proyektong nauugnay sa multicultural coexistence sa buong lungsod sa mga lugar tulad ng mga pampublikong pasilidad, aklatan, at komersyal na pasilidad



Poster ng Buwan ng Pagtataguyod ng Multicultural Coexistence



Outreach project sa isang komersyal na pasilidad tungkol sa multicultural coexistence



Thuri Ahmed

Naglingkod ako bilang vice president ng isang PTA sa isang paaralang elementarya. Lumahok din ako sa Classroom for Global Citizens ng NIC at mga seminar nito sa internasyonalisasyon ng komunidad. Naniniwala akong napakahalaga ng planong ito para sa pagtataguyod ng multicultural coexistence upang matanggap ng lahat ng mamamayan ang pagkakaiba ng kultura ng isa't isa at magkaroon ng pantay-pantay na ugnayan sa isa't isa. Umaasa akong maipaparating ito sa pamamagitan ng iba't ibang media at sa iba't ibang wika upang mamulat ang lahat ng mamamayan sa multicultural coexistence.

Lumikha ng kapaligirang bukas sa mga internasyonal na estudyante

Upang mahikayat ang mga internasyonal na estudyante, na magiging mahalagang bahagi ng globalisasyon ng ating lungsod sa pamamagitan ng dibersidad, aktibo naming isusulong ang kagandahan ng ating lungsod bilang destinasyon para sa pag-aaral sa ibang bansa. Bukod pa rito, magdaraos kami ng mga kaganapan sa karanasan at pakikipag-ugnayan kasama ng iba pang mga inisyatiba upang mapaganda ang buhay ng mga internasyonal na estudyante sa Nagoya.

Proyekto sa Pagtataguyod ng Interaksyon sa Internasyonal na Estudyante

Nagsasagawa kami ng iba't ibang proyekto tulad ng mga interaction event upang mapaganda ang buhay ng mga internasyonal na estudyante sa Nagoya, at mga proyekto upang ibahagi sa kanila ang kagandahan ng Lungsod ng Nagoya.

○ Mga interaction event

Impormasyon at interaksyon para sa masayang buhay sa Nagoya / PR space para sa mga negosyo upang suportahan ang mga internasyonal na estudyante sa paghahanap ng trabaho

Interaksyon sa mga estudyanteng Hapon / seminar ng isang eksperto sa paggamit ng pinakabagong social media, atbp.

○ PAGRANAS SA KAGANDAHAN NG NAGOYA

- Maranasan ang paglilibot sa mga makasaysayan at kultural na industriya (FY2019)
- Misyong isang pangkat ng mga Hapon at internasyonal na estudyante na ibahagi ang karanasan ng kagandahan ng Nagoya (FY2021)

○ Paggawa ng video

- Pagpapakilala ng kagandahan ng Nagoya at ang buhay bilang isang internasyonal na estudyante sa lungsod mula sa pananaw ng mga internasyonal na estudyante (FY2020)



Interaction event sa pag-aaral na paglilibot sa mga makasaysayan at kultural na industriya ng Nagoya





Duong Thi Thuy Duong

Noong 2019, itinatag ko ang Association of Vietnamese People in Tokai para magbahagi ng impormasyon at lutasin ang mga problema para sa mga Vietnamese na nakatira sa rehiyon ng Tokai. Umaasa kami na ang aming network ay magagamit sa pagbibigay ng impormasyon, atbp.

Dahil maraming internasyonal na estudyante sa Nagoya, gusto naming magkaroon ng mga interaksyon sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng soccer at mga fashion show. Umaasa din ako na magkakaroon ng suporta upang matulungan ang mga internasyonal na estudyante na naghahanap ng trabaho sa Japan pagkatapos ng graduation, dahil marami ang naghahanap ng mga ganitong oportunidad.

Mga Detalye ng Mga Panukala

Patakaran para sa Mga Panukala I



Bumuo ng pundasyon para sa kabuhayan

Prioridad
na panukala

→Tingnan ang pahina 7



Pangunahing panukala 1 Magbigay ng impormasyon sa komunidad sa maraming wika (gumamit ng ICT)

[Adhikain]

Ang impormasyon ay ibinibigay sa mga dayuhang mamamayan gamit ang iba't ibang paraan tulad ng maraming wika at madaling wikang Hapon gamit ang ICT, upang ang kinakailangang impormasyon ay maiparating at maunawaan. Bukod pa rito, magkakaroon ng kapaligiran kung saan maaaring sumangguni ang mga dayuhang mamamayan tungkol sa mga alalahanin nila.

Panukala 1 Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng pamahalaan at pang-araw-araw na pamumuhay gamit ang maraming wika at paraan

Panukala 2 Pagpapahusay ng mga serbisyo sa counter para sa mga dayuhan mamamayan

Prioridad
na panukala

→Tingnan ang pahina 8



Pangunahing panukala 2 Isulong ang edukasyon sa wikang Hapon

[Adhikain]

Ang mga oportunidad sa pag-aaral ay iniaalok upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga dayuhang mamamayan na gustong mag-aral ng wikang Hapon o tungkol sa kulturang Hapon. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga institusyong pang-edukasyon sa wikang Hapon at iba pang kaugnay na organisasyon.

Panukala 1 Pagpapahusay ng mga oportunidad para sa pag-aaral ng wika at kulturang Hapon

Panukala 2 Pagsusulong ng pagbuo ng isang sistema para sa lokal na edukasyon sa wikang Hapon

Q. Saan ako makakahanap ng
impormasyon sa maraming wika?

Ang impormasyon sa maraming wika ay available
sa website ng Nagoya International Center.



日本語	English
Português	Español
中文	한국・조선어
Filipino	Tiếng Việt
नेपाली	ひなんじょうほう

Copyright © Nagoya International Center 2021 All rights reserved.

Nagoya International Center Information Service Counter
Nagoya International Center Building 3F,
direktang konektado sa Kokusai Center Subway Station

Nagoya International Center



Website

Available din ang konsultasyon sa
maraming wika sa counter ng
Nagoya International Center.



Ipakikilala namin sa nakararami ang Simple Japanese

Ang Simple Japanese ay tumutukoy sa
madaling maintindihang wikang Hapon
na galing sa wikang ginagamit sa pang-
araw-araw na buhay upang ito ay
maintindihan din ng mga dayuhan.

Website ng Page ng Simple Japanese





Pangunahing Panukala 3 Edukasyon


[Adhikain]

Nauunawaan ng mga magulang ng mga batang dayuhan ang sistema ng edukasyon sa Japan, at lahat ng batang dayuhan na gustong pumasok sa paaralan at mag-aral ay magagawa ito. Ang mga batang dayuhan ay nakakakuha ng mga kinakailangang kasanayan sa wikang Hapon, nakakaangkop sa buhay sa Japan, at nakakapili ng mga landas sa akademya at karera na nais nilang tahakin.

Panukala 1 Pagtataguyod ng pagpasok sa paaralan

Panukala 2 Malawakang suporta para sa pag-aaral

Panukala 3 Gabay sa karera/karagdagang edukasyon



Pangunahing panukala 4 Mga serbisyo para sa kalusugan/pangangalagang medikal/kapakanan

[Adhikain]

Nalalaman ng lahat ng dayuhang mamamayan ang mga sistemang may kaugnayan sa kalusugan, pangangalagang medikal, at kapakanan na kailangan nila at ang mga institusyong makakapagbigay ng suporta sa maraming wika, at may access sila sa mga naturang serbisyo.

Panukala 1 Pagbibigay ng mas malawakang impormasyon na may kaugnayan sa kalusugan, gamot at kapakanan

Panukala 2 Pagtugon sa mga pangangailangan ng mga dayuhang pasyente sa maraming wika

Panukala 3 Pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan

Panukala 4 Pagtugon sa kalusugan ng ina/anak at mga pangangailangan ng pagiging magulang

Panukala 5 Pagtugon sa mga pangangailangan ng mga matanda at may kapansanan

Panukala 6 Pagtugon sa karahasan sa tahanan (domestic violence, DV), atbp.

Q. Anong uri ng mga inisyatiba ng suporta ang available para sa mga bata at sa pagiging magulang?

Ipinamamahagi namin ang Gabay ng Suporta sa Pagpapalaki ng Bata (nakasulat sa maraming wika) — Chikusa Ward

The following ① to ⑤ are written in the "Chikusa Ward Child-rearing Support Guide".
 ① Systems and information to support your child-rearing
 ② A place where you can consult when you need help
 For more details, please come to the Ward Office and ask us.

Parenting steps 子育てのステップ

Step 1 Before your baby is born 赤ちゃんが生まれるまで	Step 2 After your baby is born 赤ちゃんが生まれてから	Step 3 Child's health 子どもの健康	Step 4 Assistance and consultation on child-rearing 子育ての支援・相談	Step 5 Childcare 子どもを預ける	Place for consultation 相談できる場所
① Receiving the Mother and Child Health Handbook (Boshi Techo) 母子健康手帳(母子手帳)をもらふ P.03	① Submission of birth registration 出生届を出す P.05 ② Submission of birth report 出生報告をする P.05	① Taking a medical checkup for infants 乳幼児の健康診断を受ける P.07 ② Newborn and infant visits 新生児・乳児訪問 P.07 ③ Get vaccinated 予防接種を受ける P.08	① Baby visits 赤ちゃん訪問 P.09 ② Get コロカ びよかもらう P.09 ③ Asking for assistance for single-parent families ひとり親家庭のための支援を受ける P.10	If you want to have childcare everyday 毎日預けたいとき P.11-12 ① Entrusting your child to a nursery school 保育園へ預ける P.12 ② Entrusting your child to a kindergarten 幼稚園へ預ける P.12 If you want to have temporary childcare 一時的に預けたいとき P.13 ① Using temporary childcare 一時保育を利用する P.13 ② Preparation for admission to elementary schools 小学校入学の準備をする P.14	Child-rearing Comprehensive Consultation Center (Comprehensive Support Centers for Families with Children) 子育て総合相談センター (子育て支援包括支援センター) What you can consult 相談できること About your health unit 母子健康センターで相談 About your baby's health 赤ちゃんの健康について About childcare 子育てについて If you need help raising your child, please call us! 子育てに困ったら、ぜひお電話ください! 052-757-7033

Chikusa Ward
 Gabay ng Suporta sa Pagpapalaki ng Bata
 (Ingles, Chinese, Vietnamese, Nepalese)



Nagdaraos kami ng mga klase sa wikang Hapon para sa mga bata



Nagdaraos kami ng mga klase sa wikang Hapon para sa mga bata sa Nagoya International Center.

Nag-aalok kami ng masinsinang paunang klase sa wikang Hapon at mga remedial na klase sa wikang Hapon upang suportahan ang mga mag-aaral at estudyante sa pag-adjust sa buhay sa paaralan.





Pangunahing Panukala 5 Magtaguyod ng wastong kapaligiran sa pagtatrabaho

[Adhikain]

Ang sapat na impormasyong kailangan para sa paghahanap ng trabaho ay ibinibigay sa mga dayuhang naghahanap ng trabaho. Bukod pa rito, ang mga negosyo ay tumatanggap ng mga dayuhan sa naaangkop at maayos na paraan, at ang kapaligiran ng trabaho ay ligtas at madaling pagtrabahuhan para sa mga dayuhang manggagawa.

Panukala 1 Naaangkop at maayos na pagtanggap/pag-promote sa trabaho ng mga negosyo



Pangunahing Panukala 6 Pagkaresidente

[Adhikain]

Ang mga dayuhang mamamayan ay maayos na nakakahanap ng tirahan, naiintindihan ang mga alituntunin ng pang-araw-araw na buhay, at namumuhay nang panatag ang loob.

Panukala 1 Suporta para sa maayos na pagpasok sa paupahang pabahay at pagbibigay ng impormasyon tungkol sa buhay sa komunidad



Pangunahing Panukala 7 Bumuo ng mga sistema upang makapaghanda para sa mga sakuna, pagkalat ng impeksyon, atbp.

[Adhikain]

Ang mga dayuhang mamamayan ay nakakakuha ng sapat na kaalaman at impormasyon tungkol sa paghahanda sa mga sakuna at pag-iwas sa krimen upang maprotektahan nila ang kanilang sarili. Ang suporta sa maraming wika at tumpak na impormasyon ay ibinibigay din sa mga dayuhang mamamayan bilang paghahanda sa mga sakuna, pagkalat ng impeksyon, atbp. Bukod pa rito, ang mga dayuhang mamamayan ay maaaring magkaroon ng aktibong papel sa pagbibigay ng suporta.

Panukala 1 Paghahanda para sa mga sakuna at pagbibigay-kaalaman

Panukala 2 Pagsasanay, suporta, koordinasyon, at pakikipagtulungan para sa mga interpreter at iba pang mga boluntaryo kung sakaling magkaroon ng sakuna

Panukala 3 Pagbibigay ng impormasyon sa mga dayuhang mamamayan sa panahon ng sakuna at pagkalat ng impeksyon sa maraming wika at sa koordinasyon ng iba't ibang media

Panukala 4 Pagsusulong ng pag-iwas sa krimen at kaligtasan sa trapiko

Q. Magiging OK ba ako kung sakaling magkaroon ng sakuna, atbp.?

Mag-aalok ng suporta ang mga boluntaryo ng wika sa sakuna

Sinusuportahan namin ang mga dayuhan sa oras ng sakuna sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyo ng interpretasyon at pagsasalin upang matulungan silang malampasan ang iba't ibang paghihirap na maaari nilang harapin.




Pumupunta rin kami sa mga lugar kung saan maraming dayuhang mamamayan ang nagtitipon at nagbibigay kami ng mga lecture tungkol sa pag-iwas sa sakuna na idinisenyo para sa kanila.



Kung sakaling magkaroon ng emergency gaya ng pagkalat ng impeksyon, maghahanda kami ng mga consultation session sa pakikipagtulungan sa mga kaugnay na organisasyon.

Sa panahon ng pagkalat ng Covid-19, nagtayo kami ng consultation booth sa emergency consultation session na inihanda ng Nagoya International Center upang tumugon sa mga kahilingan sa suportang pinansyal at iba pang bagay tulad ng katayuan ng pagkaresidente, trabaho, pabahay, at buhay sa pangkalahatan.



Bumuo ng mga komunidad na nauunawaan ang kahalagahan ng multicultural coexistence, kung saan maaaring lumahok ang kahit sino

Pangunahing panukala 1 Itaguyod ang pakikilahok ng mga dayuhang mamamayan sa komunidad

[Adhikain]

Nauunawaan ng mga dayuhang mamamayan ang mga mekanismo ng komunidad at nakikilahok sila sa o kung hindi man ay parte sila ng mga aktibidad bilang mga miyembro ng komunidad kasama ang mga mamamayang Hapon.

Panukala 1 Pakikipagtulungan sa mga dayuhang komunidad at mga support group

Panukala 2 Pagtataguyod ng pakikilahok ng mga dayuhang mamamayan sa komunidad

Pangunahing panukala 2 Lumikha ng mga oportunidad para sa interaksyon

[Adhikain]

Lumikha ng mga oportunidad para sa madaling pakikilahok sa mga mutual na interaksyon ng mga mamamayang mula sa magkakaibang kultura.

Panukala 1 Interaksyon sa pakikipagtulungan sa mga dayuhang mamamayan at grupo

Prioridad
na panukala

→Tingnan ang pahina 9

Pangunahing panukala 3 Ipaalam sa mas maraming tao ang multicultural coexistence

[Adhikain]

Mas malawak ang pag-unawa sa lipunang may multicultural coexistence, iginagalang ang mga karapatang pantao ng mga dayuhan, at napalalim ang pagkakaunawaan ng mga Hapon at mga dayuhang mamamayan.

Panukala 1 Pagpapaunlad ng kamalayan para sa mga lokal na residente, atbp.

Panukala 2 Pagpapaalam sa mas maraming tao ng paggalang ng mga karapatang pantao ng mga dayuhan

Q. Anong mga oportunidad ang available para sa pagkakaunawaan?

Idinaraos namin ang Classroom for Global Citizens ng NIC

Sa Classroom for Global Citizens ng NIC, ang mga dayuhang mamamayan ay nagsisilbing tagapagsalita upang ipakilala ang kultura, wika, at kaugalian ng mga bansang kanilang pinagmulan.



Mga group interaction event para sa pagsusulong ng multicultural coexistence: Upang isulong ang multicultural coexistence, ang mga organisasyong nagtatrabaho sa lungsod na nagtataguyod ng multicultural coexistence at mga ahensya ng gobyerno ay nakikipag-ugnayan sa isa't isa at nagpapalitan ng impormasyon.



Ipinapaalam namin sa mas maraming tao sa mga lokal na komunidad ang multicultural coexistence

Nagdaraos kami ng mga multicultural event sa mga komersyal na pasilidad upang maipaalam sa mas maraming tao at mas maipaunawa ang multicultural coexistence sa mga mamamayan.



Buhayin at gawing global ang Nagoya sa pamamagitan ng dibersidad

Pangunahing panukala 1 Muling pasiglahin ang lungsod sa pamamagitan ng mga aktibong papel ng mga dayuhang mamamayan

[Adhikain]

Ang mga pananaw at aktibidad ng mga dayuhang mamamayan na may magkakaibang kultura at pagpapahalaga ay nagbibigay ng komportableng kapaligiran sa pamumuhay para sa lahat at lumilikha ng mga bagong pagpapahalaga sa lungsod.

Panukala 1 Paggamit ng mga sistema upang ipakita ang mga opinyon ng mga dayuhang mamamayan sa mga panukala

Panukala 2 Pagtataguyod ng aktibong pakikilahok ng mga dayuhang mamamayan

Prioridad na
panukala

→Tingnan ang pahina 10

Pangunahing panukala 2 Lumikha ng kapaligirang bukas sa mga internasyonal na estudyante

[Adhikain]

Ang mga internasyonal na estudyante ay may masasayang buhay sa iba't ibang aspeto tulad ng kanilang aktibong pakikilahok sa lokal na internasyonal na pagpapalitan at iba pang mga setting, at suporta sa pagtatrabaho na ibinigay para sa mga internasyonal na estudyante na gustong makahanap ng trabaho.

Panukala 1 Pagtanggap ng mga internasyonal na estudyante at suporta para sa kanilang mga pang-araw-araw na buhay

Panukala 2 Pagsusulong ng trabaho sa komunidad para sa mga internasyonal na estudyante

Pangunahing panukala 3 Tumugon sa globalisasyon at magsanay ng pandaigdigang human resources

[Adhikain]

Nakakatanggap ang lungsod ng interes mula sa loob at labas ng Japan sa tulong ng mga inisyatiba tulad ng pagbabahagi ng impormasyon mula sa pananaw ng mga dayuhang mamamayan. Ang kaalaman at iba pang asset ng mga dayuhang mamamayan ay ginagamit, at ang international mindset ng mga bata at kasanayan sa pandaigdigang komunikasyon ay humusay.

Panukala 1 Paghikayat ng mga turista sa pamamagitan ng paggamit ng mga pananaw ng mga dayuhang mamamayan

Panukala 2 Pagsasanay at pagsuporta sa pandaigdigang human resources

Q. Gusto kong matuto tungkol sa mga aktibidad ng mga dayuhang mamamayan!

Gumawa kami ng video kung saan itinatampok ang mga dayuhang residente na may trabahong nauugnay sa pagkain mula sa iba't ibang bansa



Nagmula ako sa Rio, kaya sa hinaharap gusto kong magkaroon ng isang malaking karnabal at dalhin ang kasayahan sa Nagoya! (Tiago)

Ang iisang katangian ng Nepal at ng lungsod ng Nagoya ay kabaitan ng mga tao. Pangarap kong magkaroon ng 10 tindahan! (Raj)



Gusto ko ang pagkain ng Nagoya. Gusto kong kumain ng maraming banh mi ang lahat ng tao sa Japan! (Rien)



Gustong-gusto ko ang kahit anong pagkaing Hapon! Gusto kong tulungan ang aking mga anak at apo sa hinaharap. (Joy)



<https://www.city.nagoya.jp/kankobunkakoryu/page/0000131474.html>



Gumawa kami ng video tungkol sa kagandahan ng Nagoya kasama ang mga internasyonal na estudyante

<https://www.youtube.com/watch?v=TexjpCX9Nx4>



Gumawa kami ng video na nagpapakita sa kagandahan ng Nagoya at buhay sa Nagoya mula sa pananaw ng mga internasyonal na estudyante.

Handog ng mga internasyonal na estudyante na kasalukuyang naka-enroll, mga estudyanteng Hapon, at Tokugawa Ieyasu mula sa Nagoya Omotenashi Bushotai ® ("Nagoya Hospitality Warriors").

Pamamahala ng Progreso ng Plano

■ Taunang pamamahala ng progreso ng mga proyekto

Upang masubaybayan ang progreso ng mga panukala, ang katayuan ng pagpapatupad ng proyekto na nauugnay sa plano ay susubaybayan at iaanunsyo sa bawat piskal na taon.

■ Pagsusuri ng mga panukala sa huling taon ng plano

Sa huling taon ng plano, tinitingnan namin ang progresong nagawa sa panahon ng plano, at sinusuri ito gamit ang mga panukat, na gagamitin para sa pagbuo ng susunod na plano.

● Panukat ng nakamit (mga priyoridad na panukala)

	Pangunahing panukala	Panukat	Kasalukuyang lebel	Target na lebel
I-1	Magbigay ng impormasyon sa komunidad sa maraming wika (gumamit ng ICT)	Ratio ng mga dayuhang mamamayan na alam ang Nagoya International Center	54.8%	60.0%
I-2	Isulong ang edukasyon sa wikang Hapon	Ratio ng mga dayuhang mamamayan na "kaya ang pang-araw-araw na pag-uusap" o mas mahusay pa ang kakayahan sa wikang Hapon	68.1%	80.0%
II-3	Ipaalam sa mas maraming tao ang multicultural coexistence	Ratio ng mga mamamayan na alam ang terminong "multicultural coexistence"	34.7%	50.0%
III-2	Lumikha ng kapaligirang bukas sa mga internasyonal na estudyante	Ratio ng mga internasyonal na estudyante na hindi masyadong nahihirapang mamuhay sa Japan	18.4%	25.0%

Mga Kasalukuyang Inisyatiba at Mga Kaugnay na Link

■ Serbisyo sa konsultasyon/impormasyon sa maraming wika

Website ng Nagoya International Center

<https://www.nic-nagoya.or.jp/>

052-581-0100



■ Serbisyo ng impormasyon sa simple Japanese

Page ng Simple Japanese

<https://www.city.nagoya.jp/kurashi/category/395-0-0-0-0-0-0-0-0.html>



■ Impormasyon tungkol sa buhay sa Nagoya City sa maraming wika

Gabay sa Pamumuhay sa Nagoya

<https://www.city.nagoya.jp/kankobunkakoryu/page/0000029846.html>



■ Impormasyon tungkol sa pag-iwas sa sakuna

Mobile na mapa ng pag-iwas sa sakuna na maaaring matingnan anumang oras

-App sa Paghahanda sa Sakuna ng Lungsod ng Nagoya-

Para sa mga gumagamit ng iPhone at iPad:

<https://apps.apple.com/jp/app/ming-gu-wu-shi-zhen-fang-zaiapuri/id835646852?l=ja&ls=1>

Para sa mga gumagamit ng Android:

<https://play.google.com/store/apps/details?id=jp.co.cadcenter.ARHazardScopeNY>



■ Impormasyon sa paghihiwalay ng basura

App na "3R" sa Paghihiwalay ng Resource at Basura

Para sa mga gumagamit ng iPhone at iPad:

<https://apps.apple.com/jp/app/gomi-fen-bieapuri-quan-guo/id977071564>

Para sa mga gumagamit ng Android:

https://play.google.com/store/apps/details?id=jp.co.delight_system.threeR.android&hl=ja

